




# Bakit magsusuot ng telang pantakip sa mukha? Tumulong sa pagiwas ng pagkalat ng COVID-19

Ang pagtakip sa iyong ilong at bibig ay maaaring makapagpabagal sa pagkalat ng COVID-19:

- Ang mga indibidwal ay maaaring makahawa bago ang simula ng mga sintomas
- Ang paggamit ng pantakip sa mukha ay pinoprotektahan ang ibang tao mula sa maliliit na patak na galing sa iyong palahingahan.



Kasama sa **mga tinatanggap na telang pantakip sa mukha** ang mga bandana, kasuotan sa leeg, scarf, mahigpit na pinagtagpi ng tela tulad ng t-shirt na koton, at ilang mga klase ng tuwalya, at iba pang gawang-bahay na telang pantakip sa mukha.



**Magsuot ng telang pantakip sa mukha kapag** ikaw ay nasa pampubliko o pribadong espasyo at sa pakikipag-ugnay sa mga taong hindi bahagi ng iyong sambahayan o tinitirahan.

**Sino ang hindi saklaw sa pagsusuot ng telang pantakip sa mukha?**

- Mga bata na wala pang 2 taon ang edad
- Mga bata na ang edad ay nasa 2-8 ay dapat na gumamit ng telang pantakip sa mukha na ginagabayan ng isang may edad na
- Mga taong sinabihan ng isang doktor na huwag gumamit
- Mga taong hirap sa paghinga
- Mga taong hindi makakilos o walang malay
- Sinumang tao na hindi makapagsuot o makapagtanggal ng telang pantakip sa mukha nang walang tulong

